



PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**EXCERPT OF THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION
OF THE SANGGUNIAN BAYAN, TAYTAY, RIZAL, HELD ON
NOVEMBER 28, 1996, AT THE SESSION HALL OF THE
MUNICIPAL BUILDING OF TAYTAY, RIZAL**

PRESENT:

Hon. Benjamin L. Esguerra, Jr.	-	Vice Mayor/ Presiding Officer
Hon. George Ricardo R. Gacula	-	Councilor
Hon. Nathaniel C. Aguilar	-	"
Hon. Fernando R. Cabitac, Jr.	-	"
Hon. Alfredo S. de Leon	-	"
Hon. Noel Ireneo E. Reyes	-	"
Hon. Anastacio V. Alcantara	-	"
Hon. Randy S. San Juan	-	"
Hon. Andres C. Cruz, Jr.	-	ABC President

ABSENT:

Hon. Ernesto G. Policarpio	-	Councilor (O.B.)
Hon. Aldin B. Gatapia	-	SK President (O.B.)

KAUTUSAN BILANG 21

**KAUTUSANG NAGTATAKDA SA LAHAT NG
BUMIBIYAHENG PAMPASAHERONG JEEPNEY
SA TAYTAY, RIZAL, NA DUMAAN PAIKOT SA
KALSADA NG BAGONG PALENGKE.**

SAPAGKAT, ang kinatatayuan ng bagong palengke ng Bayan ng Taytay ay nakapuwesto lagpas sa Kay-Bural, Taytay, Rizal;

SAPAGKAT, ilan sa atin mga kababayan ay lubhang nahihirapang bumiyahe patungong palengke ng Taytay sa kadahilanan ang ilan sa mga pumapasadang pampublikong jeepney ay hanggang Plaza Cinema or hanggang sementeryo lamang ang ginagawang ruta;

Handwritten signature

SAPAGKAT, kung ating itatakda ang pagdaraan o' pag-ikot ng mga pampasaherong pampublikong jeepney sa kalsada ng bagong palengke, ito ay makapaglilingkod sa ating mamamayan na nagnanais na tumungo ruon at makakapagdulot ng ibayong sigla sa mga timdera/mamumuhunan at mamimili;


MATAPOS ANG PAG-AARAL, ang Sangguniang Bayan ng Taytay, alinsunod sa itinarakda ng Republic Act No. 7160 na lalong kilala sa katawagang "Local Government Act of 1991" ay nagtatakda ng mga sumusunod:

SEKSYON 1. Itinatakda sa lahat ng pampasaherong pampublikong sasakyan na may rutang Taytay na dumaan o" umikot sa kalsada ng Bagong Pamilihang Bayan ng Taytay.


SEKSYON 2. Ang sino mang driver na hindi sumunod sa Kautusang ito ay papatawan ng kaparusahang pagmumulta ng halagang DALAWANG DAANG PISO (P200.00).

SEKSYON 3. Ang pagpapatupad ng Kautusang ito ay pangunahing tungkulin ng Himpilan ng Pulisya, sa pamamatnubay na rin ng ating Punong Bayan.


SEKSYON 4. Ang Kautusang ito ay magkakabisa LABING LIMANG (15) araw matapos mapagtibay.


BENJAMIN L. ESGUERRA, JR.
Vice Mayor
Presiding Officer

ATTESTED:


ATTY. EDWIN P. CRUZ
Secretary to the Sanggunian

APPROVED


GODOFREDO C. VALERA
Municipal Mayor